# ARALIN 1

## *Ang Tao, Wika, at Panitikan*

## Magsimula Tayo

Panuto: Isulat ang bahagi ng paborito mong awiting Pilipino at tukuyin ang bisang pangkaisipan at pandamdamin nito pagkaraan.



____________________
____________________
____________________
____________________
____________________
__________________

bisang pangkaisipan
(kahulugan ng lirikong sinipi)

bisang pandamdamin
(epekto o dulot sa damdamin ng lirikong pinili)

## Maghanda Tayo

Panuto: Kompletuhin ang mga kuwadro-ng-salita sa pamamagitan ng pagpupuno sa mga kahon. Isulat sa itaas na kahon ang salitang-ugat at sa ibaba naman ay ang kahulugan nito.

| | 1. nabanggit |
|---|---|
| |  |

| | 2. kasangkapan |
|---|---|
| |  |

| | 3. saloobin |
|---|---|
| |  |

| | 4. ugnayan |
|---|---|
| |  |

| | 5. hangarin |
|---|---|
| |  |

| | 6. sagisag |
|---|---|
| |  |

Puntos: ___ / 12

## Magbasa Tayo

**Ang Tao, Wika, at Panitikan**

Mula sa pamagat, ano ang maaaring maging paksa ng babasahing akda?

1 Ang ating buhay ay sadyang makulay. Bilang mga tao, sari-sari ang ating mga karanasan, kilos, kaisipan, **saloobin**, at **hangarin**. Araw-araw, ninanais nating gawing mas makulay ang mga biyayang ito ng Maykapal. Bahagi ng hangaring ito ang maipahayag ang kahulugan at kahalagahan ng buhay at ang iba't ibang kayamanan sa ating likas na kapaligiran. Sanhi nito, kailangan natin ng wika.

Bakit mahalaga ang wika?

2 Ang wika ay isang sistema ng paglikha at paggamit ng mga **sagisag**. Ito ay binuo ng nagkakaisang pangkat ng mga tao bilang instrumento ng pagpapakahulugan. Ito ay binubuo ng mga pinagkasunduang tunog, titik, at tuntunin sa pagbaybay, pagbabantas, at pagpapahayag. Ito ang pangunahing **kasangkapan** sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat. Berbal man o di-berbal ang pagpapahayag ng mga sagisag na bumubuo sa isang wika, kailangan ito ng tao upang mabuhay at makipamuhay. Dahil sa wika, mayroong komunikasyon. Bunga naman ng



komunikasyon ang ating mga **ugnayan**. Sa huli, ang mga ugnayan natin ay naghahatid ng kulay sa ating buhay.

[3] Sa pamamagitan ng wika, mabilis na naipapahayag ng sinuman ang kahulugan ng kanyang mga karanasan, kilos, kaisipan, saloobin, at hangarin. Sa masining na pagpili at paggamit ng mga salita, nabubuo ang panitikan. Ito ang malikhaing pagpapahayag ng ating pag-unawa sa ating ugnayan sa ating kapwa, sa lipunan, sa daigdig, sa sanlibutan, at sa Dakilang Lumikha. Kung kaya nga, bawat awit, tula, kuwento, o sanaysay ay tunay na sumasalamin sa kahulugan at kabuluhan ng ating buhay at mga ugnayan.

| |
|---|
| Paano nagkakaroon ng ugnayan ang tao at ang panitikan (ang panitikan at ang tao)? |

[4] Sinasabing pinayayaman ng buhay ng tao ang panitikan. Ito ay dahil sa ang mga paksa at tema sa panitikan ay **nakabatay** sa mga katotohanan sa buhay. Sa kabilang dako, pinayayaman ng panitikan ang buhay ng tao. Ito ay sanhi ng kapangyarihan ng panitikan na maghatid sa tao ng mga ginintuang aral at pagkakataon upang mag-isip, makiramdam, at kumilos. Sa mga ugnayang **nabanggit**, masasabing napakalaki ng tungkulin ng wika. Kung wala ang wika, wala ring ugnayan na mabubuo sa pagitan ng tao at panitikan.


| |
|---|
| Kung titimbangin, alin sa wika, tao at panitikan ang mayroong higit na halaga? |

## Magpayaman Tayo

**Gawain A:** Gamit ang dayagram sa ibaba, pagtibayin natin ang ating konsepto ng ugnayan ng tao, wika at panitikan. Gumawa ng sariling punto ng ugnayan sa pamamagitan ng paglalagay ng tatlong salik sa mga bilog. Ipaliwanag sa 3-5 pangungusap ang ginawang daloy. Isulat ito sa laang patlang.

**BATAYAN NG PAGMAMARKA**

| **Pamantayan** | **Napakahusay!**<br>*5 puntos* | **Mahusay!**<br>*3 puntos* | **Paghusayin pa!**<br>*1 puntos* |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Malinaw at makabuluhan ang pagpapaliwanag sa ugnayan ng tatlong salik | Kakikitaan ng makabuluhang kaisipan ang inilahad subalit may mga puntong may kalabuan | Hindi naging malinaw ang pagpapaliwanag sa ugnayan ng tatlong salik |
| Wika | Wasto't angkop ang paggamit ng mga bantas, baybay at gamit ng mga salita | May iilang mga pagkakamali sa paggamit ng bantas, baybay at gamit ng salita | Di-gaanong naisaalang-alang ang wasto't angkop na paggamit ng mga bantas, baybay at gamit ng mga salita |



______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________

Puntos: ___ / 10

**Gawain B:** Pumili ng isang larawan na magpapakita ng ugnayan ng tao, wika, at panitikan sa kasalukuyan. Ipaliwanag 3-5 pangungusap ang nilalaman ng piniling larawan.

**Gawain C:** Umisip ng 'yong pinakanatatanging karanasan at sumulat ng isang maikling *blog* sa loob ng **5-7 pangungusap** lamang. Bigyan ng maikling pamagat ang iyong (mga) talata.

## BATAYAN NG PAGMAMARKA

| **Pamantayan** | **Napakahusay!**<br>*5 puntos* | **Mahusay!**<br>*3 puntos* | **Paghusayin pa!**<br>*1 puntos* | **MARKA** |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Malinaw at makabuluhan ang pagpapaliwanag sa salitang kumakatawan sa natatanging karanasan. | May kabuluhan ang ginawang pagpapaliwanag subalit may ilang mga diwang malabo | Hindi malinaw ang kaugnayan ng piniling salita sa natatanging karanasan | |
| Organisasyon | Kapuna-puna ang natatanging pagsasaayos at kaisahan ng mga ideya | Kapansin-pansin ang kamalayan sa pagsasaayos at kaisahan ng mga ideya | May kaguluhan ang pagsasaayos at kaisahan ng mga ideya | |
| Wika | Wasto't angkop ang paggamit ng mga bantas, baybay at gamit ng mga salita | May iilang mga pagkakamali sa paggamit ng bantas, baybay at gamit ng salita | Di-gaanong naisaalang-alang ang wasto't angkop na paggamit ng mga bantas, baybay at gamit ng mga salita | |